NARINIG NA BA NINYO ANG MGA GANITONG PALIWANAG?

- "Pasensya na, ngunit hindi ito gusali para sa mga bata."
- "Hindi ako sigurado kung magiging kom port-able ka sa pamayanang ito."
- "Alam kong sinabi sa patalastas na $900 ang paupa pero sinasabi ko sa iyo na $1200 ito."
- "Ang sabi mo kailangan mong ayusin ang iyong kalan. Gaano mo ba kailangang mai pagawa ito?"
- "Naiintindihan kong kailangan mo ng asong gagabay sa iyo ngunit hindi pwede ang hayop sa gusaling ito."

WALANG MABUTING PALIWANANG PARA SA DISKRIMINASYON SA PABAHAY

- "Hindi pinapayagan ang mga pamlang may mga anak na tumira sa ikalawang palapag."
- "Maligayang bati sa inyong bagong silang na sanggol! Dapat naman na magbayad kayo ng karagdagang $50 kada buwan."
- "Maaari ninyong tingnan ang aparment kung gusto ninyo ngunit sinasabi ko ngayon na sa inyo na walang ibang lntsik na na katira sa gusaling ito.
- "Pasensya na, ngunit hindi kami Makapa grereserba ng paradaha para sa inyo dahil lamang sa meron kayong kapansanan."

ALAMIN NINYO ANG INYONG MGA KARAPATAN

Ipinagbabawal ng batas sa matarungang pabahay ang diskriminasyon sa pagpapaupa, pagbebenta, pagpa-pautang o pagpapaseguro sa pabahay ayon sa mga ganitong "Protektadong Klase":

- **LAHI** – Lahi ng isang tao o lahi ng mga taong kinabibilangan niya.
- **KULY** – Kulay ng balat ng isang tao.
- **BANSANG PINAGMULAN** – Bansang pinag mulan o ang nasyonalidad ng mga ninuno.
- **RELIYION** – Ang pinaniniwalaang relihiyong ng isang tao o kinabibilangang sekta.
- **EDAD** –Edad ng isang taong 18 taong gulang o mas matanda pa
- **KASARIAN** – Kasarian ng isang tao, kabilang ang pang-aabusong sekswal o pananakot.
- **KASARIANG PANSARILI O PAGPAPAKITA NG KASARIAN** – Kabilang dito ang tunay o l niisip na kasarian ng isang tao o may kaugnayan sa pagpapakita ng kasarian o kaanyuan.
- **ORYENTASYONG SEKSWAL** –Pagkakaroon ng pansariling pagpili ng kasarian o mapabilang o makita sa pinili nitong kasarian.
- **ESTADO SA BUHAY** – Kung ang isang tao ay may-asawa, walang asawa, hiwalay o balo.
- **PAMILYA/ESTADO NG PAMILYA** – Ang ka buuan ng pamilya, kabilang ang laki ng pamilya, bilang ng mga anak, at mga buntis.
- **KAPANSANAN /HANDIKAP** – Kapansanan sa katawan o sa pag-iisip, na naglilimita sa pangunah lng gawain sa buhay gaya ng paglalakad, paghinga, pag-aaral, o pagtulog.
- **IMPEKSYONG HIV**

PAANO KAMI MAKATUTULONG?

Tumutulong ang *Fair Housing Enforcement Program* wenno Programang Pagpapatupad Sa Makatarungang Pabahay sa mga taong naniniwala na sila ay naging biktima ng iligal na diskriminasyon sa pabahay.

Ang aming mga serbisyo ay kinabibilangan ng:

- Pagsagot sa mga tanong tungkol sa makatarungang pabahay.
- Pagtulong sa paghahain ng pormal na reklamo sa ahensya ng gobyerno.
- Pagpapayo tungkol sa kung paano ma laman ang mga karapatan sa makata rungang pabahay.
- Mapagkukunan ng mga impormasyon
- Pakikipag-ugnayan sa ibang organisas yon na makatutulong sa inyo kaugnay ng inyong mga pangangailangan sa pabahay
- Pagtuturo sa komunidad hinggil sa mga karapatan ng makatarungang pabahay

Tumawag lamang sa aming *hotline*, kahit hindi kayo sigurado na labag sa batas ang nangyari sa iyo.

Oahu
808.527.8024

Mga Kalapit na Isla
866.527.FAIR
(808.527.3247)

LEGAL AID SOCIETY OF HAWAI'I

MAGPATULONG KA NGAYON!

MAAARING MANGYARI KANINUMAN ANG ILEGAL NG DISKRIMINASYON SA PABAHAY. KUNG SA PALAGAY MO'Y NABIKTIMA KA NA NG GANITONG DISKRIMINASYON, DAPAT MONG MALAMAN NA MAYROON KANG MGA KARAPATAN.

TUMAWAG SA HOTLINE NG FAIR HOUSING

Oahu
808.527.8024

Mga Kalapit na Isla
866.527.FAIR
(808.527.3247)

Libre ang lahat ng serbisyo.

Walang kwalipikasyon kung magkano ang kinikita.

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

Galing sa U.S. Department of Housing and Urban Development Fair Housing Initiatives Program ang pondo ng *brochure* o ng babasahing ito.

ALISIN ANG DISKRIMASYON SA ATING MGA PAMAYANAN

HOTLINE NG MAKATARUNANG PABAHAY

808.527.8024
866.527.FAIR

Itinatag ang Legal Aid Society ng Hawaii noong 1950 ng mga lider ng komunidad – kabilang ang mga hukom na sina Sam King at Betty Vitousek. Ang misyon nilang magkaloob ng pantay na pagkakataong mabigyan ng hustisya ang lahat ng residente ng Hawaii ang patuloy na gumagabay sa Legal Aid ngayon.

Tinutulungan ng Legal Aids ang mga taong may problemang legal upang mapagtuunan nilang paunlarin kanilang kabuhayan. Dalubhasa kami sa mga bagay tungkol sa pamilya, pabahay, hanapbuhay, benepisyong pampubliko at mga karapatan ng mga mamimili. pagpapalalakas sa mga tao na: makawala sa mga mapang-abusong sitwasyon; labanan ang iligal na pagpapalayas sa tinitirahan; kumuha ng mahusay na medikal at mga titulong pampinansyal; pangasiwaan ang mga nagpapautang at mga naniningil.

LEGAL AID SOCIETY OF HAWAI'I

924 Bethel Street
Honolulu, Hawai'i 96813 USA
(808) 536-4302
(808) 527-8088
www.legalaidhawaii.org
www.fairhousinghawaii.org

© Karapatang-ari 2008, Legal Aid Society of Hawai'i. Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring sipiin ang mga materyal na ito nang walang nakasulat na permiso mula sa Legal Aid Society of Hawai`i. Hindi maaaring humingi ng bayad sa mga taong tumatanggap ng mga *brochure* nang walang nakasulat na permiso mula sa Legal Aid Society of Hawai`i. Ipinalimbag ito para magbigay ng pangkalahatang impormasyon at hindi dapat gamitin bilang panghalili para sa propesyunal na serbisyong legal. Binagong Petsa Disyembre 2008. Tagalog

LEGAL AID SOCIETY OF HAWAI'I

Tumutulong sa mga tao sa Hawaii simula 1950

PROGRAMANG PAGPAPAPAD SA MAKATARUNGANG PABAHAY

May karapatan kang mamili ng matitirahan.



Ang Legal Aid Society of Hawaii ang pinakamalawak na tagapagpagbigay ng serbisyong legal sa publiko ng estado ng Hawaii, nakalaang tumulong sa mga taong tumatanggap ng mababa hanggang medyo katamtamang suweldo na may mahigpit na pangangailangang legal.

WWW.FAIRHOUSINGHAWAII.ORG